# Kami noon ay nagpapaluwal, noong nasa amin pa ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), ng zakāh ng pagtigil-ayuno alang-alang sa bawat nakababata at nakatatanda at malaya at minamay-ari ng isang ṣā` ng pagkain o isang ṣā` ng tuyong yogurt o isang ṣā` ng sebada o isang ṣā` ng datiles o isang ṣā` ng pasas

Ayon kay Abū Sa`īd Al-Khudrīy (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: "Kami noon ay nagpapaluwal, noong nasa amin pa ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), ng zakāh ng pagtigil-ayuno alang-alang sa bawat nakababata at nakatatanda at malaya at minamay-ari ng isang ṣā` ng pagkain o isang ṣā` ng tuyong yogurt o isang ṣā` ng sebada o isang ṣā` ng datiles o isang ṣā` ng pasas. Hindi kami tumigil na nagpapaluwal nito hanggang sa dumating sa amin si Mu`āwiyah bin Abī Sufyān (malugod si Allāh sa kanya) habang nagsasagawa ng ḥajj o nagsasagawa ng `umrah saka nagsalita siya sa mga tao sa pulpito. Kabilang sa sinalita niya sa mga tao na nagsabi siya: 'Tunay na ako ay nakakikita na ang dalawang mudd ng trigo ng Sirya ay nakatutumbas sa isang ṣā` ng datiles.' Kaya umayon ang mga tao roon."} Nagsabi naman si Abū Sa`īd: {Hinggil naman sa akin, hindi ako tumitigil na nagpapaluwal nito kung paanong dati akong nagpapaluwal nito magpakailanman hanggat nabubuhay ako."

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Ang mga Muslim noon ay nagpapaluwal ng zakāh ng pagtigil-ayuno sa panahon ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) at panahon ng mga Napatnubayang Khalīfah noong matapos niya alang-alang sa nakababata at nakatatanda sa sukat na isang ṣā` ng pagkain. Ang pagkain nila noon ay ang sebada, ang pasas (ang tuyot na ubas), ang aqit (ang pinatuyong gatas), at ang datiles. Ang sukat ng isang ṣā` ay apat na mudd. Ang mudd ay nakatutumbas sa isang pagkapuno ng dalawang kamay ng katamtamang lalaki. Noong dumating si Mu`āwiyah (malugod si Allāh sa kanya) sa Madīnah noon siya ay khalīfah at dumami ang trigong Siryano, nagtalumpati siya saka nagsabi: "Tunay na ako ay nakakikita na ang dalawang mudd ng trigo ng Sirya (kalahati ng ṣā`) ay nakatutumbas sa isang ṣā` ng datiles." Kaya umayon ang mga tao roon. Nagsabi naman si Abū Sa`īd Al-Khudrīy (malugod si Allāh sa kanya): "Hinggil naman sa akin, hindi ako tumitigil na nagpapaluwal nito kung paanong dati akong nagpapaluwal nito sa panahon ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) magpakailanman hanggat nabubuhay ako."